# TULONG PINANSYAL PARA SA MGA BAYARIN SA OSPITAL

## Anong mga Uri ng Tulong Pinansyal ang Inaalok ng CHLA?

Nag-aalok ang Children's Hospital Los Angeles (CHLA) ng dalawang uri ng Tulong Pinansyal na maaaring makatulong sa iyo kung hindi mo kayang bayaran ang buong halaga ng iyong bayarin sa ospital dahil wala kang insurance sa kalusugan o maraming medikal na gastusin ang iyong pamilya. Ang dalawang uri ng Tulong Pinansyal na ito, ang Kawanggawang Pangangalaga (Charity Care) at Pangangalagang may Diskwento (Discounted Care), ay mas detalyado na ipinaliliwanag sa Patakaran sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy) FIN 006.0, na makukuha mo bilang printout kapag hiniling mo o makikita sa website ng CHLA sa http://www.chla.org.

Kung kwalipikado ka para sa Kawanggawang Pangangalaga, kakanselahin ng CHLA ang buong halaga ng iyong bayarin sa ospital para sa mga serbisyong pang-emergency o medikal na pangangailangan. Kung kwalipikado ka para sa Pangangalagang may Diskwento, mag-aalok sa iyo ang CHLA ng diskwento sa iyong bayarin sa ospital para sa mga nasabing serbisyo. Saanmang programa ka maging kwalipikado, bilang isang pasyenteng nararapat sa Tulong Pinansyal, hindi ka sisingilin ng higit sa “Amounts Generally Billed” sa mga pasyenteng may insurance para sa mga serbisyong pang-emergency o iba pang medikal na pangangailangan sa ospital.

Pakitandaan na ang Tulong Pinansyal na inaalok ng CHLA ay para lamang sa mga bayarin sa ospital, hindi sa mga bayarin para sa mga doktor na tumitingin sa mga pasyente sa CHLA. Mangyaring makipag-ugnayan nang direkta sa customer service ng Pediatric Management Group sa numerong (323) 361-2336 upang malaman ang anumang tulong pinansyal na maaari nilang ibigay para sa kanilang mga serbisyo.

## Ako Ba ay Kwalipikado Para sa Tulong Pinansyal Mula sa CHLA?

Kung ikaw ay walang insurance at/o may maraming gastusin sa medikal, maaari kang maging kwalipikado para sa Kawanggawang Pangangalaga kung ang kita ng iyong pamilya ay nasa o mas mababa sa 400% ng Federal Poverty Level[1]. Gayundin, maaari kang maging kwalipikado para sa Pangangalagang may Diskwento kung ang kita ng iyong pamilya ay mas mataas sa 400%, pero hindi nasa o mas mababa sa 600% ng Federal Poverty Level.

Upang makatanggap ng Kawanggawang Pangangalaga o Pangangalagang may Diskwento, kailangan mong magsumite ng aplikasyon sa CHLA. Kapag natanggap ng CHLA ang iyong nakumpletong aplikasyon, aalamin nila kung kwalipikado ka at ipagbibigay-alam sa iyo sa pamamagitan ng sulat sa loob ng 30 araw.

## Saan Ako Maaaring Makakuha ng Kopya ng Aplikasyon?

Ang mga libreng nakaimprentang kopya ng aplikasyon para sa Tulong Pinansyal ng CHLA, Patakaran sa Tulong Pinansyal, at ang sumaryong ito ay available kapag hiniling, sa Admitting area na matatagpuan malapit sa pangunahing pasukan ng ospital, sa lugar ng rehistrasyon sa Emergency Room, at sa iba pang

---

[1] Ang Federal Poverty Level ay ina-update taun-taon ng pamahalaan at ito ay available sa mga website ng pamahalaan na madaling maa-access ng publiko.

mga lugar sa ospital, na matatagpuan sa 4650 Sunset Blvd, Los Angeles, CA 90027. Ang mga materyal na ito ay available rin sa website ng CHLA sa http://www.chla.org. Maaari ka ring humiling na ipadala sa iyo ang isang libreng kopya sa pamamagitan ng pagtawag sa Patient Business Services sa (800) 404-6627.

### Paano Ako Mag-aaplay?

Ikaw o ang iyong kinatawan ay maaaring mag-aplay para sa Tulong Pinansyal sa pamamagitan ng pagsusumite ng nasagutang aplikasyon (kasama ang lahat ng kinakailangang dokumento na nakasaad sa aplikasyon) sa opisina ng Patient Business Services ng CHLA sa alinman sa sumusunod na mga paraan:

- sa pamamagitan ng sulat o pagpunta nang personal sa: Patient Business Services
  Mailstop 26
  Children's Hospital Los Angeles
  4650 Sunset Boulevard
  Los Angeles, CA 90027

Hindi makakatulong ang mga kawani ng CHLA sa pagkumpleto ng aplikasyon para sa Tulong Pinansyal, ngunit maaari kang humingi ng tulong tungkol sa aplikasyon sa Health Consumer Center ng Los Angeles. Ang nonprofit na organisasyong ito ay matatagpuan sa 13327 Van Nuys Boulevard, Pacoima, CA 91331 at ang telepono nila ay (800) 896-3203.

### Ang Aplikasyon Ba ay Available sa Ibang Wika Bukod sa English?

Ang mga translation ng Patakaran sa Tulong Pinansyal, ng sumaryong ito, at ang form ng aplikasyon ay available sa wikang Armenian, Spanish, Chinese/Taiwan , Korean, Vietnamese, at Arabic. Kung nais mo ng isang interpreter na tutulong sa iyo sa ibang wika, mangyaring humingi ng tulong sa isang kawani ng CHLA.

### Saan Ako Makakakuha ng Higit Pang Impormasyon?

Kung nais mo ng higit pang impormasyon tungkol sa Patakaran sa Tulong Pinansyal ng CHLA, mangyaring makipag-ugnayan sa opisina ng Patient Business Services sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 404-6627 o pagbisita sa Patient Business Services.